

Ang Filipino bilang Pundasyon ng Teknikal na Pagkatuto:  
Panayam kay Prop. James Christopher D. Domingo



Wennielyn Fajilan

Kilala ang UST-AMV College of Accountancy bilang isa sa mga pinakamahuhusay na kolehiyo na nagtuturo ng Accountancy sa bansa. Sa panayam na ito, ibinahagi ni Atty. James D. Domingo, CPA ang kaniyang karanasan sa paggamit ng Filipino bilang wikang teknikal para sa mga kurso ng Basic Accountancy sa Unibersidad ng Santo Tomas.

Si Atty. Domingo ay nagtapos ng kaniyang BS Accountancy at Bachelor of Laws mula sa Unibersidad ng Santo Tomas. Pagkaraang magtrabaho sa Sycip, Gorres, Velayo (SGV & Co.) Auditing Firm, nagsimula siyang maglingkod bilang faculty member ng UST-AMV College of Accountancy at Ateneo Gokongwei School of Management. Gamit ang wikang Filipino, nakapaglimbag siya ng limang libro sa Accounting tulad ng Hairy Potter (Accounting Process), Bentahan (Merchandising and Manufacturing), Partnership Accounting at Corporation Accounting. Kasalukuyan itong ginagamit bilang alternatibong sanggunian ng mga estudyante ng Accountancy sa buong Pilipinas.

**Hasaan Journal (HJ):** Una naming narinig ang inyong adbokasiya sa paggamit ng Filipino sa Accountancy dahil sa mga popular na aklat sa UST gaya ng Hairy Potter. Kailan at paano ito nagsimula?

**Prop. James Domingo (JD):** Nagsimula noong 2004, estudyante pa lang ako. Third year ako nang may mga second year students na gustong magpaturo sa akin ng Basic Accounting. Initially, kaya ko silang turuan nang one-on-one pero eventually, hindi na pwede dahil marami na rin sila at marami rin akong gawain bilang member ng Student Council. Ang naisip ko, iyong mga dapat kong sabihin sa kanila isulat na lang at ipa-photocopy nila.



**HJ:** Para palang hand-outs o notes ito noong una?

**JD:** Notes. Noong sembreak, ni-rewrite ko na ang notes ko. Pero nang sinulat ko na uli, hindi na lang basta konsepto kundi nilagyan ko na ng dialogue. First person point-of-view ang ginamit ko. Kung ano dapat ang sasabihin ko kapag kaharap ko siya, isusulat ko na lang. Basically, itinayp ko lang ang iskrip ko.

**HJ:** Ano-anong mga subjek ito?

**JD:** Limang libro lahat-lahat ukol sa Basic Accounting at Financial Accounting.

**HJ:** Paano ito nag-evolve?

**JD:** Para lang talaga ito sa mga kaibigan pero umabot sa punto na majority ng mga estudyante ay may kopya. Kaya may mga nag-suggest na i-encode na dahil malabo na ang photocopy. Umabot ng 180 pahina ng long bond paper ang mga nakasulat na notes. Merong isang organisasyon noon sa Commerce na tumulong para maiprint na ang unang libro.

**HJ:** Kalimitan anong naging feedback ng mga gumamit ng aklat?

**JD:** Halos pare-parehas sila na nagsabing mas madaling maintindihan at dahil light ang format hindi sila madaling ma-boring. Nakatulong din para mas maunawaan nila ang mga lessons at maging malinaw ang foundation ng basic course nila. Actually, ang goal lang naman talaga ay maging maayos ang foundation ng estudyante bago siya kumuha ng major subjects. Ang problema kasi, iyong iba kapag sobrang mahina ang foundation nila, kahit pa magaling ang magtuturo sa major courses, nahihirapan silang makisabay. Pero may iba na gusto pa na magsulat ako ng parehas na libro para sa major subjects na tingin ko hindi na okey. Kasi pagkatapos ng 5 libro, inaasahan ko na dapat adjusted na sila sa level of difficulty ng major subject kaya hanggang dun na lang.

**HJ:** Sa tingin mo, paano napabilis ang pag-unawa na gamit ang wikang Filipino sa mga librong naisulat mo?

**JD:** Iyong board exams at problems nasa English pero nakikita ko kasi na pag iniintindi naman ng mga estudyante ang lessons hindi naman nila pinoprocess sa English. Iniintindi nila gaya ng bumili, nagbenta, kumita-tinatranslate pa rin nila sa Filipino. Dahil teknikal na subjek, minsan nagkakaroon ng kumbaga ng “lost in translation” pag iniintindi ng estudyante ang konsepto sa Filipino. Kaya para maiwasan ang pagkamamali, bakit hindi isalin agad sa tamang translation ng paksa.

## HASAAN

**HJ:** Paano mo iyon ginawa?

**JD:** Iyong mga terms hindi ko binago pero ang proseso inilipat ko sa Filipino.

**HJ:** Ano naman ang masasabi ninyo sa paggamit ng wikang Filipino sa aktuwal na pagtuturo ng Accountancy?

**JD:** Bagama't Ingles ang unang ginagamit sa pagtuturo, hindi maiiwasang gumamit ng Filipino. Kung sa karanasan ko lang ang pagbabasehan, sa obserbasyon ko mas mataas ng 20% ang resulta ng pagsusulit sa mga klase na gumagamit ng Filipino kaysa sa purong Ingles kahit pa parehas na parehas ang mga gawain, halimbawa at iskrip ko. Minsan kasi may mga paliwanag na higit na epektibo kapag Filipino. Tingin ko iyong pagkakaroon ng sitwasyon na "lost in translation" nangyayari kapag purong English. Pwede kasing hindi eksakto ang pagkakaintindi ng estudyante sa sarili niyang bersyon. Pero pag sinabi ko ang tamang translation hindi na sila nalilito.

**HJ:** Meron na po bang pormal na pag-aaral ukol sa kaugnayan ng wika sa pagtuturo o pagkatuto ng Accountancy?

**JD:** Wala pa po. Pero, sa patakaran ng ating University ang mga teknikal na kurso ay ituturo sa English. Pero kahit pa gusto namin, nasasakripisyo ang iskor ng mga bata. Dahil na rin sa dami ng paksa, kulang ang oras namin para ituro sa English. Pero kung procedures siya dapat maipaliwanag sa pinakamadaling unawain para sa mga bata. Kasi kung papipiliin na gumamit ng Ingles versus sa Filipino para matututo talaga ang bata through good scores; doon ako sa mas matututo sila. Matatalino ang mga estudyante natin pero tested na, mas mataas talaga ang makukuha nila pag ipinaliwanag sa wika nila. Kasi nasa English na naman ang teksbuk nila, pwede nilang basahin sa bahay. At least kung sa Filipino, nagkakaroon ng pagkakataon para sa ibang paliwanag. At kapag ganito, magkakaroon sila ng tiwala sa sarili. Dahil sa Accountancy, pag nagkamali sa isang proseso, mali na ang lahat. Kaya kapag hindi naintindihan at nagkamali sa simula pa lang, mawawalan na sila ng gana para sa mga susunod pang lesson. Kailangan rin kasing kunin ang kanilang interes at magkaroon sila ng tiwala sa sarili. Kasi kapag nawala ang interes nila sa paksa, ang propesor din ang mamomroblema. Maging pabalik-balik ang pagtuturo dahil hindi lahat ng estudyante makakasabay. Pwedeng nasa Step 7 ka na pero marami sa kanila nasa Step 2 pa lang.

**HJ:** Importante talaga na matutukan ang tamang pagkaunawa ng mga estudyante simula pa lang.



**JD:** Oo, kasi ladderized ang Accountancy. Mula Second Year, dugtong-dugtong at konektado ang mga kurso. Iyong mga weak subjects ng estudyante sa Second Year at Third Year ay babaunin niya hanggang Fourth Year kaya importante talagang maingatan ang foundation nila. Kung tutuusin hindi naman ganun kakaiba ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng Accountancy, natural lang ito para tiyakin ang pag-unawa at mapabilis ang proseso ng paliwanag lalo na para sa foundation courses bilang bahagi ng suporta sa guro at sa estudyante.